5 Pagkatanggal (kaiko) at pagbibitiw sa trabaho (taishoku)

5-2 Pagbibitiw sa trabaho

Tinatawag na taishoku o pagbibitiw sa trabaho kung parehong employer at manggagawa ang sumang-ayon sa pagtigil sa trabaho ng manggagawa. Kung nais magbitiw sa trabaho, kailangang hilingin ito sa inyong employer. Kung nagbitiw sa trabaho, maaaring makuha sa loob ng 7 araw ang hindi nabayarang suweldo o perang inipon ng hulugan o inipon na pera, kung sisingilin ang mga ito.

Kung walang napagkasunduang panahon ng pagtatrabaho sa inyong kontrata	Kahit hindi tanggapin ng employer ang inyong hiling na magbitiw sa trabahi, maaaring tumigil sa trabaho kapag umabot na sa 2 linggo pagkatapos ibigay ang kahilingang magbitiw sa trabaho.
Kung may napagkasunduang panahon ng pagtatrabaho sa inyong kontrata	Hangga't walang sapat na dahilan, hindi maaaring tumigil sa trabaho sa loob ng takdang panahon ng pagtatrabaho.

Matapos sumang-ayon ang employer sa hiling ng manggagawa na magbitiw sa trabaho, bilang alituntunin, hindi maaaring bawiin ng manggagawa ang kanyang kahilingang magbitiw. Dahil dito, pag-isipang mabuti kung talagang magbibitiw sa trabaho. Kailangang kumpirmahin ang paraan ng pagbibitiw sa trabaho at ang mga kondisyong may kinalaman dito ayon sa nakasaad sa inyong kontrata.
Kailangang ibalik sa employer ang ID ng kompanya, ipinahiram na uniporme ng kompanya, health insurance card, at iba pa.